Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-08 NG NOBYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 176-2021**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI KGG. JESUS RICARDO "JERIC" C. DEGALA III, DATING KONSEHAL NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, DATING COMMISSIONER NG COMMISSION ON BAR INTEGRITY AND DISCIPLINE AT DATING GENERAL COUNSEL NG IBP CENTRAL LUZON.**

**AKDA NI: KGG. ENRICO C. CAPULE**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si Kgg. Jesus Ricardo "Jeric" C. Degala III ng Barangay ng Longos, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-04 ng Nobyembre, 2021;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay malaking kawalan, hindi lamang sa kaniyang pamilya at mga kaanak, ngunit pati na rin sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** siya ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang isang Konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos noong toaong 2010 hanggang 2013;

**SAPAGKAT,** siya ay naglingkod at naitalaga bilang dating Commissioner ng Commission on Bar Integrity and Discipline noong 2016 at dating General Counsel ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) Central Luzon;

**SAPAGKAT,** siya rin ay isang Propesor sa Abogasya at Abogado, kung saan isa sa kanyang di-malilimutang naipanalong kaso ay ang 'Madlum River Tragedy noong 2014';

**SAPAGKAT,** bilang Konsehal ng Lungsod ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na panunungkulan sa Lungsod ng Malolos upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay at katatayuan ng ating mga kababayan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI |

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Kgg. Jesus Ricardo "Jeric" C. Degala III, dating Konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, dating Commissioner ng Commission on Bar Integrity and Discipline at dating General Counsel ng IBP Central Luzon.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

***KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11082021